## SUPERIOR COURT NG ESTADO NG CALIFORNIA, COUNTY NG ALAMEDA

## KALAKIP NG PLEA SA MISDEMEANOR: MGA PARUSA SA DUI

ANG TAUMBAYAN v. ____________________________________________ KASO BLG.:______________

**MGA TAGUBILIN**: Basahin ang form na ito kung guilty o no contest ang ipi-plead mo sa isang kaso ng walang ingat na pagmamaneho, na pinagaan mula sa kasong pagmamaneho nang nasa impluwensya. Lagdaan lang ang form kung ganap mo itong nauunawaan. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa form na ito, magtanong sa iyong abugado o sa hukom. Isumite ang form na ito kasama ng form na **Abiso sa Mga Karapatan, Waiver, at Plea sa Misdemeanor.**

| MGA PANGUNAHING KAHIHINATNAN PARA SA HATOL SA SEKSYON 23152 (a) at (b) NG KODIGO NG SASAKYAN | | |
|---|---|---|
| **Paglabag** | **Sentensyang Walang Probation** | **Sentensyang May 3 Hanggang 5 Taon na Probation** |
| Unang Paglabag sa Pagmamaneho Nang Nasa Impluwensya (Driving Under The Influence, DUI) sa loob ng 10 taon | Pagkakabilanggo: 96 na oras hanggang 6 na buwan<br>Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. Sususpindihin ng Departamento ng Mga Sasakyang De-motor (Department of Motor Vehicles, DMV) ang lisensya nang 6-10 buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. | Pagkakabilanggo: 48 oras (opsyonal) hanggang 6 na buwan. Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. Sususpindihin ang multa sa pagbawi ng probation ($100 hanggang $1,000) . Mandatoryong kumpletuhin ang programa sa alak/droga sa loob ng 3 hanggang 9 na buwan. Sususpindihin ng DMV ang lisensya nang 6-10 buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. |
| Ikalawang Paglabag sa DUI sa loob ng 10 taon | Pagkakabilanggo: 90 araw hanggang 12 buwan<br>Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. Sususpindihin ng DMV ang lisensya nang 24 na buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. | Pagkakabilanggo: 96 na oras (sa minimum na 48 oras na block) o 10 araw hanggang sa 12 buwan na pagkakabilanggo. Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. Sususpindihin ang multa sa pagbawi ng probation ($100 hanggang $1,000) . Mandatoryong kumpletuhin ang programa sa alak/droga sa loob ng 18 hanggang 30 buwan. Sususpindihin ng DMV ang lisensya nang 24 na buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. |
| Ikatlong paglabag sa DUI sa loob ng 10 taon | Pagkakabilanggo: 120 araw hanggang 12 buwan.<br>Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa.<br>Babawiin ng DMV ang lisensya nang 36 na buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. Idedeklarang habitual traffic offender sa loob ng 36 na buwan. | Pagkakabilanggo: 120 araw hanggang 12 buwan. Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. Sususpindihin ang multa sa pagbawi ng probation ($100 hanggang $1,000) . Babawiin ng DMV ang lisensya nang 36 na buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. Idedeklarang habitual traffic offender sa loob ng 36 na buwan. Mandatoryong kumpletuhin ang programa sa alak/droga sa loob ng 18 hanggang 30 buwan (kung hindi pa nakukumpleto). |
| Ikaapat na Paglabag sa DUI sa loob ng 10 taon | Bilangguan ng estado (16, 24, o 36 na buwan) o bilangguan ng county (6-12 buwan).<br>Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa.<br>Babawiin ng DMV ang lisensya nang 48 buwan; i-surrender ang lisensya sa Hukuman. Idedeklarang habitual traffic offender sa loob ng 36 na buwan. | Pagkakabilanggo: 6-12 buwan Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. Sususpindihin ang multa sa Pagbawi ng probation ($100 hanggang $1,000) . Babawiin ng DMV ang lisensya nang 48 buwan; i-surrender ang lisensya sa Hukuman. Opsyonal na programa sa alak/droga sa loob ng 18 o 30 buwan na may pagkakabilanggong 30 araw hanggang 12 buwan. Idedeklarang habitual traffic offender sa loob ng 36 na buwan. |
| **MGA PANGUNAHING KAHIHINATNAN PARA SA HATOL SA SEKSYON 23153 (a) at (b) NG KODIGO NG SASAKYAN** | | |
| **Paglabag** | **Sentensyang Walang Probation** | **Sentensyang May 3 Hanggang 5 Taon na Probation** |
| Unang Paglabag sa loob ng 10 taon | Pagkakabilanggo: 90 araw hanggang 12 buwan<br>Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa.<br>Sususpindihin ng DMV ang lisensya | Pagkakabilanggo: 5 araw hanggang 12 buwan Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. Sususpindihin ang multa sa pagbawi ng probation ($100 hanggang $1,000) . Mandatoryong kumpletuhin ang programa sa alak/droga sa loob ng 3-9 na buwan. |

| | | |
|---|---|---|
| | nang 12 buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. | Sususpindihin ng DMV ang lisensya nang 12 buwan; i-surrender ang lisensya sa Hukuman. |
| Ikalawang Paglabag sa DUI sa loob ng 10 taon | Bilangguan ng estado (16, 24, o 36 na buwan) o bilangguan ng county (120 araw hanggang 12 buwan).<br>Multa: $390 hanggang $5,000, dagdag pa ang assessment sa multa.<br>Babawiin ng DMV ang lisensya nang 36 na buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. | Opsyon A: Tagal ng pagkakabilanggo at multa na pareho sa walang probation, at sususpindihin ang multa sa pagbawi ng probation ($100 hanggang $1,000).<br>Opsyon B: Pagkakabilanggo: 30 araw hanggang 12 buwan. Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. Sususpindihin ang multa sa pagbawi ng probation ($100 hanggang $1,000) . Mandatoryong kumpletuhin ang programa sa alak/droga sa loob ng 18 hanggang 30 buwan. Babawiin ng DMV ang lisensya nang 36 na buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. |

## ADDENDUM SA PLEA SA MISDEMEANOR: MGA PARUSA SA DUI

1. **Mga Komersyal na Lisensya:** Nauunawaan ko na may mga naaangkop na espesyal na probisyon ng Kodigo ng Sasakyan kung mayroon akong komersyal na lisensya sa pagmamaneho nang mangyari ang paglabag.

2. **Pag-impound:** Nauunawaan ko na kung ako ang nakarehistrong may-ari ng sasakyang ginamit sa paglabag na ito, puwedeng i-impound ng hukuman ang sasakyan, nang ako ang gagastos, sa loob ng hanggang 30 araw sa aking unang hatol; maliban na lang kung may maipapakitang makatuwirang dahilan, nauunawaan ko na dapat i-impound ng hukuman ang sasakyan, nang ako ang gagastos, sa loob ng 30 araw kung ito ang ikalawa kong paglabag sa loob ng 5 taon, at dapat i-impound ang sasakyan nang hanggang 90 araw, nang ako ang gagastos, kung ito ang aking ikatlong paglabag sa loob ng 5 taon. (Kodigo ng Sasakyan (Vehicle Code, VC) 23592)

3. **Pagbebenta ng Sasakyan:** Nauunawaan ko na puwedeng ideklara ng hukuman ang sasakyang ginamit ko sa paglabag na ito bilang nuisance, at puwede nitong iatas na ibenta ito kung nagawa ko ang alinman sa mga sumusunod na paglabag: seksyon 191.5 o 1192(c)(3) ng Kodigo Penal; seksyon 23152 ng Kodigo ng Sasakyan na nangyari sa loob ng 7 taon ng dalawa o higit pang magkahiwalay na paglabag sa seksyon 23152 o 23153 ng Kodigo ng Sasakyan o seksyon 191.5 o 192(c)(3) ng Kodigo Penal; seksyon 23153 ng Kodigo Penal na nangyari sa loob ng 7 taon ng isa o higit pang magkahiwalay na paglabag sa seksyon 23152 o 23153 ng Kodigo ng Sasakyan o seksyon 191.5 o 192(c)(3) ng Kodigo Penal. (VC 23596)

4. **Ignition Interlock:** Nauunawaan ko na aatasan ako ng DMV na maglagay ng ignition interlock device sa anumang sasakyang pag-aari o pinapatakbo ko nang hanggang 4 na taon, kung saan pipigilan ng device ang sasakyan na umandar kung may anumang alcohol sa aking katawan, at ako ang gagastos sa maayos na pagmementina ng device na iyon. Nauunawaan ko ring ang paglalagay ng device na ito ay hindi nagpapahintulot sa akin na magmaneho nang walang valid na lisensya. (VC 23700)

5. **Kung Ako ay Wala Pang 21:** Nauunawaan ko na kung wala pa akong 21 sa panahon ng aking pagkakaaresto, sususpindihin ng DMV ang aking lisensya (o iaantala ang pagbibigay nito) sa loob ng 1 taon, at dapat kong i-surrender ang aking lisensya sa hukuman. (VC 13202.5)

6. **Pagtanggi o Mataas na Antas ng Alcohol sa Dugo:** Nauunawaan ko na kung ang alcohol sa aking dugo ay .15 porsyento o higit pa, o kung tatanggi akong sumailalim sa isang chemical test, isasaalang-alang ito ng hukuman sa pagpapasya kung dapat bang dagdagan ang mga parusa, kung dapat bang magbigay ng probation, o kung magpapataw ba ng mga karagdagang tuntunin ng probation. (VC 23577, 23578)

7. **Pasaherong Wala Pang 14:** Nauunawaan ko na kung nagsakay ako ng pasaherong wala pang 14 na taong gulang sa panahon ng paglabag, magdaragdag ang hukuman ng 48 tuluy-tuloy na oras sa bilangguan sa unang hatol para sa seksyon 23152 ng Kodigo ng Sasakyan. Nauunawaan ko rin na magdaragdag ang hukuman ng 10 araw na pagkakabilanggo kung dati na akong nahatulan, sa nakalipas na 10 taon, para sa paglabag sa seksyon 23152 o 23153 ng Kodigo ng Sasakyan; 30 araw na pagkakabilanggo para sa dalawang nakaraang hatol; at 90 araw na pagkakabilanggo para sa tatlong nakaraang hatol. (VC 23572)

8. **Mabilis na Pagmamaneho:** Nauunawaan ko na kung walang ingat ang aking pagmamaneho sa bilis na 30 miles per hour o higit pa na lampas sa limitasyon sa bilis ng isang freeway (o sa 20 miles per hour o higit pa na lampas sa limitasyon sa bilis ng iba pang kalye o highway) habang nilalabag ang seksyon 23152 o 23153 ng Kodigo ng Sasakyan, magdaragdag ang hukuman ng 60 araw na pagkakabilanggo sa aking sentensya. Kung ito ang aking unang paglabag, aatasan ako ng hukuman na kumumpleto ng programa sa alak/droga kahit hindi ako bigyan ng probation. (VC 23582)

9. **Hiwalay ang Mga Aksyon ng DMV:** Nauunawaan ko na magagawa ng DMV na paghigpitan, suspindihin, o bawiin ang aking lisensya, iatas na tapusin ko ang isang programa para sa nakainom na driver, at iatas na maglagay ng ignition interlock device dahil sa pagkakaaresto o paghatol sa akin, kahit hindi ito iniaatas ng hukuman. Nauunawaan ko na karagdagan at hiwalay ang mga aksyong ito sa mga aksyong gagawin ng hukuman. Nauunawaan ko na kapag sinuspinde o binawi, hindi maibabalik ang aking pribilehiyo sa pagmamaneho maliban na lang kung nagbigay ako ng patunay na katanggap-tanggap sa DMV na matagumpay kong nakumpleto ang kinakailangang programa para sa nakainom na driver at ang patunay ng pagiging responsable sa pananalapi.

10. **Panganib ng DUI:** Nauunawaan ko na ang pagiging nasa impluwensya ng alak o droga o pareho ay nakakaapekto sa kakayahan kong ligtas na magpatakbo ng sasakyang de-motor. Kaya naman napakamapanganib sa buhay ng tao ang magmaneho nang nasa impluwensya ng alak o droga, o pareho. Kung patuloy akong magmamaneho nang nasa impluwensya ng alak o droga, o pareho, at may mamamatay bilang resulta ng pagmamanehong iyon, puwede akong kasuhan para sa murder. (VC 23593)

**Nabasa at nauunawaan ko ang lahat ng impormasyon sa dalawang pahinang ito.**

Petsa: ________________________ ▶ ______________________________________________

(LAGDA NG NASASAKDAL)